

## ANG MATATAG PROGRAM NG DEPARTMENT OF EDUCATION: ISANG MAKABAGONG HAKBANG SA EDUKASYON NG PILIPINAS

*by:*

**Rosemarie B. Mangalindan**

*Orani National High School-Parang-Parang*

Ang Matatag Curriculum ay isang bagong reporma sa sistema ng edukasyon sa Pilipinas na inilunsad ng Department of Education (DepEd) bilang bahagi ng kanilang layuning pagbutihin at gawing mas epektibo ang pagtuturo mula Kindergarten hanggang Grade 10. Magsisimula ang implementasyon nito sa School Year 2024-2025 at inaasahang matatapos sa buong basic education cycle pagsapit ng 2027-2028 (DepEd, 2024a; DepEd, 2024b).

Isa sa mga pangunahing layunin ng Matatag Curriculum ay ang pag-decongest o pagbawas ng mga aralin at learning competencies upang mabigyan ng mas malawak na pokus ang mga pangunahing kasanayan tulad ng pagbasa, pagsulat, at matematika. Sa ilalim ng programang ito, binawasan ang mga learning areas mula pito (7) na naging lima (5) lamang: wika, pagbasa at literasiya, matematika, makabansa, at mabuting asal o good manners and right conduct (DepEd, 2024c; Inquirer, 2023). Sa ganitong paraan, mas nabibigyang-diin ang foundational literacy at numeracy na pundasyon ng pagkatuto ng mga mag-aaral.

Bukod sa pagbawas ng mga aralin, pinapalakas din ng Matatag Curriculum ang pagtuturo ng mga 21st-century skills gaya ng kritikal na pag-iisip, problem solving, komunikasyon, at pagiging handa sa trabaho. Kasama rin dito ang pagpapahalaga sa mga makabayang prinsipyo at pagpapalaganap ng peace education upang mahubog ang mga mag-aaral bilang mga responsableng mamamayan na may malasakit sa kapwa, kalikasan, at bayan (DepEd, 2024a; DepEd, 2024d).

Isinasalang-alang din ng Matatag Curriculum ang inclusivity o pagiging bukas sa lahat ng uri ng mag-aaral, kabilang ang mga may espesyal na pangangailangan. Layunin nitong matugunan ang iba't ibang estilo ng pagkatuto at kakayahan ng mga estudyante sa pamamagitan ng paggamit ng mga makabagong pedagogical approaches na napatunayang epektibo at angkop sa kasalukuyang panahon (DepEd, 2024a; Manila Bulletin, 2024).

Ang implementasyon ng Matatag Curriculum ay gagawin nang phased o paunti-unti, simula sa Kindergarten, Grades 1, 4, at 7 sa School Year 2024-2025. Sa bawat yugto, bibigyang-pansin ang tamang paggamit ng mga instructional materials, angkop na estratehiya sa pagtuturo, at wastong pagsusuri upang masiguro ang pagkatuto ng mga mag-aaral (DepEd, 2024a; DepEd, 2024e).

Bukod dito, sinusuportahan ng DepEd ang programang ito sa pamamagitan ng mga dagdag na inisyatiba tulad ng National Reading Program at National Mathematics Program na naglalayong palakasin pa lalo ang literacy at numeracy skills ng mga estudyante. Kasama rin dito ang mga programa tulad ng Catch-Up Fridays at feeding programs upang matulungan ang mga estudyanteng nahuhuli sa pag-aaral (DepEd, 2024f; Scribd, 2025).

Isa pang mahalagang aspeto ng Matatag Curriculum ay ang pagbawas sa bigat ng trabaho ng mga guro. Sa pamamagitan ng mas organisadong curriculum at mas kaunting learning competencies, inaasahang magkakaroon ng mas epektibong pagtuturo at mas maayos na pag-manage ng oras ang mga guro (DepEd, 2024a; Scribd, 2025).

Sa pangkalahatan, ang Matatag Curriculum ay isang hakbang upang gawing mas makabago, inklusibo, at epektibo ang sistema ng edukasyon sa Pilipinas. Nilalayan nitong ihanda ang mga kabataan hindi lamang sa akademikong aspeto kundi pati na rin sa pagiging responsableng mamamayan na may malasakit sa Diyos, tao, kalikasan, at

bayan—mga halagang nakapaloob sa pilosopiyang Maka-Diyos, Makatao, Makakalikasan, at Makabansa (DepEd, 2024a; DepEd SDO Dasmariñas, 2024).

## *References:*

Department of Education. (2024a). Policy guidelines on the implementation of Matatag curriculum (DepEd Order No. 10, s. 2024). <https://www.deped.gov.ph/matatag-curriculum/>

Department of Education. (2024b). Matatag curriculum phase 1 SY 2024-2025. <https://www.deped.gov.ph/matatagcurriculumk147/>

Department of Education. (2024c). Matatag curriculum curriculum guides for Kindergarten, Grades 1, 4, and 7. <https://www.deped.gov.ph/matatag-curriculum/>

Department of Education. (2024d). Instructional design framework of Matatag curriculum. <https://www.deped.gov.ph/dm-no-549-s-2024-policy-guidelines-on-the-implementation-of-matatag-curriculum/>

Department of Education. (2024e). New guidelines for Matatag curriculum implementation. <https://newsinfo.inquirer.net/1984864/deped-issues-new-guidelines-for-matatag-curriculum-implementation>

Department of Education SDO Dasmariñas City. (2024). DM No. 549 s. 2024 - Policy guidelines on the implementation of Matatag curriculum.

<https://www.depeddasma.edu.ph/dm-no-549-s-2024-policy-guidelines-on-the-implementation-of-matatag-curriculum/>

Inquirer.net. (2023, August 10). DepEd launches recalibrated K to 10 curriculum, to start in SY 2024-2025. <https://newsinfo.inquirer.net/1814963/deped-launches-recalibrated-k-to-10-curriculum-to-start-in-sy-2024-2025>

Manila Bulletin. (2024, July 28). DepEd releases policy guidelines for Matatag Curriculum implementation for SY 2024-2025. <https://mb.com.ph/2024/7/28/deped-releases-policy-guidelines-for-matatag-curriculum-implementation-for-sy-2024-2025>

Scribd. (2025). DepEd Matatag curriculum fact sheet.

<https://www.scribd.com/document/781511065/DepEd-MATATAG-Curriculum-Fact-Sheet>

YouTube. (2024, July 10). Features in Matatag Curriculum [Video]. YouTube.

<https://www.youtube.com/watch?v=7rtEqjqO71Q>

YouTube. (2023, August). DepEd's Matatag Curriculum Launching [Video]. YouTube.

<https://www.youtube.com/watch?v=D6084wDRikc>